# Pag aayuno Yugto 11

***"1Humiyaw ka ng malakas, huwag kang magpigil, ilakas mo ang iyong tinig na parang pakakak, at iyong ipahayag sa aking bayan ang kanilang pagsalangsang, at sa sangbahayan ni Jacob ang kanilang mga kasalanan. 2Gayon ma'y hinahanap nila ako araw-araw, at kinalulugdan nilang maalaman ang aking mga daan: na gaya ng bansa na gumawang matuwid, at hindi lumimot ng alituntunin ng kanilang Dios, hinihingan nila ako ng mga palatuntunan ng katuwiran; sila'y nangalulugod na magsilapit sa Dios.3Ano't kami ay nangagayuno, sabi nila, at hindi mo nakikita? ano't aming pinagdalamhati ang aming kaluluwa, at hindi mo napapansin? Narito, sa kaarawan ng inyong pagaayuno ay masusumpungan ninyo ang inyong sariling kalayawan, at inyong hinihingi ang lahat ninyong gawa.4 kasamaan: hindi kayo nangagaayuno sa araw na ito, upang inyong iparinig ang inyong tinig sa itaas. 5 Iyan baga ang ayuno na aking pinili? ang araw na pagdadalamhatiin ng tao ang kaniyang kaluluwa? Ang iyuko ang kaniyang ulo na parang yantok, at maglatag ng magaspang na kayo at abo sa ilalim niya? iyo bang tatawagin ito na ayuno, at kalugodlugod na araw sa Panginoon? 6 Hindi baga ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat na atang?7 Hindi baga ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao?8 Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod. 9Kung magkagayo'y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako. Kung iyong alisin sa gitna mo ang atang, ang pagtuturo, at ang pagsasalita ng masama:10 At kung magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat;11 At papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, at palalakasin ang iyong mga buto; at ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat.12 At silang magiging iyo ay magtatayo ng mga dating sirang dako; ikaw ay magbabangon ng mga patibayan ng maraming sali't saling lahi; at ikaw ay tatawagin Ang tagapaghusay ng sira, Ang tagapagsauli ng mga landas na matatahanan. 13 Kung iyong iurong ang iyong paa sa sabbath, sa paggawa ng iyong kalayawan sa aking banal na kaarawan; at iyong tawagin ang sabbath na kaluguran, at ang banal ng Panginoon na marangal; at iyong pararangalan, na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan, ni magsasalita ng iyong mga sariling salita:14 Kung magkagayo'y malulugod ka nga sa Panginoon; at pangangabayuhin kita sa mga mataas na dako sa lupa; at pakakanin kita ng mana ni Jacob na iyong ama; sapagka't sinalita ng bibig ng Panginoon." (Isaiah 58:1-14)***

Ang araw ng pagaayuno ay isang araw na inaakala na kalugod lugod sa Panginoon; isang araw na katanggap tanggap sa Panginoon ating Diyos. Ang Pagaayuno ay pagpagil mula sa pagkuha ng pagkain o inumin ng anumang halaga ng nutrisyon para sa isang yugto ng panahon; halimbawa mula sa umaga hanggang sa gabi. Ang ating layunin para sa pagaayuno ay upang palugurqn ang Diyos at mapalapit sa Kanya. Ngunit iyon ay hindi darating lamang sa pamamagitan ng pagpigil mula sa pagkuha ng pagkain at inumin ngunit sa parehong panahon ay paggawa ng mga bagay na nakalulugod sa Diyos gaya ng ating napagpasyahan mula sa hinirang na talata ng Bibliya, at gaya ng sumusunod:-

***1. Ang Pagaayuno ay ang isang araw ng pagsisisi sa mga kasalanan: "1Humiyaw ka ng malakas, huwag kang magpigil, ilakas mo ang iyong tinig na parang pakakak, at iyong ipahayag sa aking bayan ang kanilang pagsalangsang, at sa sangbahayan ni Jacob ang kanilang mga kasalanan.***

* Ang pagsisisi, ay pagtatapat at pagiwan sa iyong mga kasalanan, bumalik sa Diyos, at magkaroon ng pananampalataya sa Panginoong Jesus.
* Ang pagsisisi, ay simula upang gumawa ng mabuti na alam mo ngunit hindi mo ginagawa.
* Ang pagsisisi ay para gumawa ng mabuting gawain at tuparin ang layunin ng Diyos na nilikha Niya para sayo.

***2. Ang Pagaayuno ay upang hanapin ang Diyos araw- araw: "2 Gayon ma'y hinahanap nila ako araw-araw, at kinalulugdan nilang maalaman ang aking mga daan: na gaya ng bansa na gumawang matuwid, at hindi lumimot ng alituntunin ng kanilang Dios, hinihingan nila ako ng mga palatuntunan ng katuwiran; sila'y nangalulugod na magsilapit sa Dios." (Isaiah 58:2)*** Sa iyong pagaayuno dapat kang magalak na hanapin ang Diyos na ipapahayag Niya sa iyo ang Kanyang matuwid na paraan upang malaman mo ang mga ito at lakaran mo ang mga ito.

* Ang pagaayuno ay upang hanapin ang Diyos at magalak na lumapit sa Diyos.
* Ang pagaayuno ay upang magalak sa mga paraan ng Diyos at hindi para talikuran ang mga alintuntunin ng katarungan at ang kautusan ng Diyos.

***3. Ang pagaayuno ay hindi pagrereklamo laban sa Diyos: "3 Ano't kami ay nangagayuno, sabi nila, at hindi mo nakikita? ano't aming pinagdalamhati ang aming kaluluwa, at hindi mo napapansin? Narito, sa kaarawan ng inyong pagaayuno ay masusumpungan ninyo ang inyong sariling kalayawan, at inyong hinihingi ang lahat ninyong gawa." (Isaiah 58:3)*** Ang bayan ng Diyos ay nagrerelaklamo na hindi sila sinasagot ng Diyos at sa ganon hindi Niya pinapansin ang kanilang pag-aayuno at araw ng kanilang pagdadalamhati ng kanilang sarili. Sinagot sila ng Diyos na sa parehong araw na ikaw ay nag ayuno ikaw ay nanamantala sa mga mangagawa na nagtatrabaho para sayo at hindi mo ibinibigay ang nararapat sa kanila gaya ng sinabi Niya sa kanila, ***Narito, sa kaarawan ng inyong pagaayuno ay masusumpungan ninyo ang inyong sariling kalayawan, at inyong hinihingi ang lahat ninyong gawa.*** Kapag hindi sinagot ng Diyos ang iyong panalangin at pag-aayuno , ibig sabihin may isang bagay na mali sa iyong paraan ng pamumuhay sa

harapan ng Diyos. Saliksikin ang iyong puso at buhay at tingnan kung ano ang walang katarungan na iyong ginagawa laban sa Diyos gaya ng ginagawa mo ito sa mga tao.

***4. Sa araw ng iyong pag aayuno ipapahayag ng Diyos sayo ang iyong mga kasalanan: "4 Narito, kayo'y nangagaayuno para sa pakikipagkaalit at pakikipagtalo, at upang manakit ng suntok ng kasamaan: hindi kayo nangagaayuno sa araw na ito, upang inyong iparinig ang inyong tinig sa itaas." (Isaiah 58:4)*** Hinarap ng Diyos ang Kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng propesiya ng propetang si Isaiah. Hinarap sila ng Diyos sa kanilamg masamang paguugali ng pakikipagkaalit at pakikipagtalo at paggawa ng masamang bagay laban sa iba. Tiniyak ng Diyos sa kanila, na kung sila'y magpapatuloy na gawin ang ganoon huwag nilang asahan na sila'y diringgin ng Diyos kapag sila'y nanalangin at nag ayuno. Bilang inihayag ng Diyos sa iyo ang iyong mga kasalanan, kailangan mong magpakumbaba at ituwid ang iyong sarili ihinto ang mapanghimagsik na paguugali, ihinto ang iyong pakikipagkaalit, ihinto ang iyong pakikipagtalo, at ihinto ang paggawa ng masamang mga bagay laban sa iba para manaig. Itigil ang lahat ng mga masamang bagay na ito upang ang Diyos ay makinig at tumugon sa iyong panalangin at pagaayuno.

***5.Huwag maging mapagimbabaw: "5 Iyan baga ang ayuno na aking pinili? ang araw na pagdadalamhatiin ng tao ang kaniyang kaluluwa? Ang iyuko ang kaniyang ulo na parang yantok, at maglatag ng magaspang na kayo at abo sa ilalim niya? iyo bang tatawagin ito na ayuno, at kalugodlugod na araw sa Panginoon" (Isaiah 58:5)*** Ang bayan ng Diyos kapag sila'y nag aayuno sila'y nagsusuot ng sako at maglalagay ng abo sa ilalim nila, at yumuko katulad ng gaya ng sirang mga halaman. Ginagawa nila ang lahat ng iyon bilang isang palabas, ngunit sa loob nila ay walang pagsisisi at hindi handang magbago. Nais ng Diyos talaga sa iyo na mabago; ihinto ang pagpapaimbabaw at alisin ang takip mula sa iyong mukha at ipatupad ang iyong natutunan mula sa Salita ng Diyos sa iyong buhay.

Ang pag aayuno ay upang ihinto ang paggawa ng sumusunod na mga makasalanang gawa. Katulad ng kawalan ng katarunungan sa pagsasamantala sa iyong mga manggagawa at hindi pagbibigay sa kanila ng kanilang mga karapatan, katiwalian, pakikipagtalo, alitan, panduduro at masasamang usapan. Kung ang ganyang bagay ay nasa iyong buhay sa gayon huwag asahan na ang Panginoon ay diringgin ang iyong panalangin at pagaayuno.

***6. Ang totoong pag aayuno:***

***A. "6 Hindi baga ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat na atang?" (Isaiah 58:6)*** Ipinapaliwang ng Diyos sa Kanyang bayan at sa atin ngayon ang totoong pag aayuno sa pag iwas sa paggawa ng masamang pagkilos laban sa iba at pakawalan ang kabigatan na pinipilit nating pasanin ng iba, at ibigay ang kalayaan sa naaapi at palayain ang mga tao mula sa pamatok ng pang aapi at pang-aalipin. Ipinaliwanag din iyon ng Diyos sa bersekulo 9, ***"9 Kung magkagayo'y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako. Kung iyong alisin sa gitna mo ang atang, ang pagtuturo, at ang pagsasalita ng masama:" (Isaiah 58:9)*** Kung nais mong dinggin ng Diyos ang iyong panalangin sa gayon sa halip ng kawalan ng katarungan, ibigay sa bawat isa ang kanyang karapatan at nararapat sa kanya, iwasan ang pang aapi at pagsasamantala sa mahina at sa mahirap.

Ang ibig sabihin ng pag aayuno ay pag ibig at pagkakaisa gaya ng iniutos ng Panginoong Jesus sa atin: ***"34 Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa. 35 Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa." (Juan 13:34-35)***

***B. "7 Hindi baga ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao?" (Isaiah 58:7)*** Ang pag aayuno ay upang ibahagi ang mga pagpapala sa iba; ang pag aayuno ay upang ibahagi ang iyong pagkain,sa mga nagugutom, at magbigay sa mahihirap at pasiyahin ang mga nagdadalamhati gaya rin ng mababasa natin sa bersekulo 10. ***"10 At kung magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat;" (Isaiah 58:10)*** Ang Diyos sa Kanyang Salita ay nagutos sa Kanyang bayan at sa atin ngayon na tulungan ang mahihirap at nangangailangan gaya ng mababasa natin dito***: "11 Sapagka't hindi mawawalan ng dukha sa lupain kailan man: kaya't aking iniutos sa iyo, na aking sinasabi, Bubukhin mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa nagkakailangan sa iyo, at sa dukha mo, sa iyong lupain." (Deutronomio 15;11)*** Samakatuwid ang ibig sabihin ng pag aayuno ay tulungan ang mahihirap at nangangailangan.

Ang pag aayuno ay pag aalaga para sa sariling mong mga anak na ibinigay sayo ng Diyos upang alagaan at gawin ang iyong responsibilidad sa kanila at iyon ang kahulugan ng Kanyang sinabi, at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao. Maraming mga magulang ang pinapababapabayaan ang kanilang sariling mga anak, inniwan sila at sumama sa iba na mga kbiyak at nagsisimula ng bagong pamilya, ngunit kinalimutan nilang alagaan at ibigay ang espirituwal, emosyonal at matreyal para sa kanilang sariling mga anak. Nais ng Diyos sa kanila na magsisi ,mula sa ganoon at bumalik sa kanilang unang mga pami pamilya.

***7. Ang pag aayuno ay hindi pagpapabaya sa Sabbath at sa araw ng pagsamba at ng iyong ministerio, at ang pag aayuno ay hindi upang gawin ang iyong pansarili at ang iyong kagustuhasn: "13 Kung iyong iurong ang iyong paa sa sabbath, sa paggawa ng iyong kalayawan sa aking banal na kaarawan; at iyong tawagin ang sabbath na kaluguran, at ang banal ng Panginoon na marangal; at iyong pararangalan, na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan, ni magsasalita ng iyong mga sariling salita:" (Isaiah 58:13)*** Upang panatilihin ang Sabbath ay upang ingatan ang araw ng pagsamba sa Panginoon. Ang

kinakailangan ng Diyos sa atin sa pagsamba sa Kanya, paglingkuran Siya, at ang iba pang pangako ay ay upang parangalan Siya sa iyong buhay. Ang pagaayuno ay upang gawin kung ano nais ng Diyos at gusto, hindi ang iyong ninanais.

Ipinakita ng Diyos ang Kanyang dakilang pagibig nang Kanyang ipinadala ang Kanyang anak na si JesuCristo upang iligtas tayo. Si Jesus ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan. Siya ay inilibing at nabuhay mula sa patay noong ikatlong araw upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan sa mga nanampalataya sa Kanya at susunod sa Kanyang mga hakbang sa kanilang buhay. * Para sa ganoong dakilang sakrispisyo nais ng Diyos sa atin na maging matapat sa Kanya at sa Kanyang Salita na binabasa natin sa Bibliya.

* Samakatuwid kapag ikaw ay nag aayuno hindi mo maaaring kutyain ang Diyos. Bilang karagdagan sa walang laman ng tiyan nais ng Diyos sayo na maging maamo, magpakumbaba, magsisi, masunurin sa Kanyang Salita , ginagawa ang Kanyang kalooban., mabuti sa mahihirap at nangangailangan, mapagsaalang alang, at matulungin sa nasa ilalim ng kawalan ng katarungan at nasa pgkaalipin upang para sa kanila ay makalaya mula sa kapangyarihan ng diablo.

***8. Ang totoong pagaayuno ay mabunga at epektibo***:

**A.** Habang ikaw ay sumusunod sa Diyos at ipinapatupad ang mga layunin ng pag aayuno ikaw ay magiging halimbawa sa iba at ikaw ay magninining kay Jesus at ang Pangnioon ang mangunguna sa iyo upang gumawa ng mga himala at mga kamangha manghang bagay upang alalayan ka sa iyong buhay at ministerio sa Panginoon. ***"8 Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod." (Isaiah 58:8)*** Mayroon sa iyong buhay at ministerio ng kagalingan ng karamdaman. pagwasak ng pagkaalipin at pagpapalaya sa ,mga pwersa ng demonyo at bitag ng diablo. Tunay na ikaw ay magnining sa harapan Niya at makikita iyon ng iba ng malinw gaya ng Kanyang ipinangako: "**10**At kung magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat***;" (Isaiah 58:10)***

***B.*** Habang ikaw ay sumusunod sa Diyos at ipinapatupad ang mga layunin ng pag aayuno sasagutin ng Diyos ang iyong pagtawag at siya ay tutugon sa iyong pagiyak at sasabihin sa iyo na Narito ako na may madaling pagsagot sa panalangin, kaginhawaan, at kaligtasan. Tunay na ikaw ay maayon na tutulungan ng Panginoon**.** ***"9 Kung magkagayo'y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako. Kung iyong alisin sa gitna mo ang atang, ang pagtuturo, at ang pagsasalita ng masama:" (Isaiah 58:9)***

***C.*** Habang ikaw ay sumusunod sa Diyos at ipinapatupad ang mga layunin ng pag aayuno ikaw ay laging makakatanggap ng paggabay at direksyon mula sa Diyos kung saan pupunta o kung anong gagawin. Ibibigay ng Diyos ang iyong mga pangngailangan kahit nasa isang ilang na lupa at palalakasin ka, at ng mabuting kalusugn upang mapanatili. ***"11At papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, at palalakasin ang iyong mga buto; at ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat." (Isaiah 58:11)***

***D***. Habang ikaw ay sumusunod sa Diyos at ipinapatupad ang mga layunin ng pag aayuno ikaw ay gagamitin ng Diyos upang magdala ng pagbabago at upang itayong muli ang bagong mga ministerio na naapektuhan ng mga pinsala: ***"12 At silang magiging iyo ay magtatayo ng mga dating sirang dako; ikaw ay magbabangon ng mga patibayan ng maraming sali't saling lahi; at ikaw ay tatawagin Ang tagapaghusay ng sira, Ang tagapagsauli ng mga landas na matatahanan." (Isaiah 58:12)***

***E.*** Habang ikaw ay sumusunod sa Diyos at ipinapatupad ang mga layunin ng pag aayuno ikaw ay pagpapalain ng Diyos ikaw ay papakain, ikaw ay tutustusan, ikaw ay itataguyod upang gawin ang mas malaking mga bagay para sa Kanya. ***"14 Kung magkagayo'y malulugod ka nga sa Panginoon; at pangangabayuhin kita sa mga mataas na dako sa lupa; at pakakanin kita ng mana ni Jacob na iyong ama; sapagka't sinalita ng bibig ng Panginoon." (Isaiah 58:14)*** Habang ikaw ay sumusunod sa Diyos at ipinapatupad ang mga layunin ng pag aayuno ikaw ay magkakaroon ng kagalakan sa iyong buhay sa Diyos at makakaya mong magpatuloy at angkinin ang lupain sapagkat ang kagalakan ng Panginoon ay iyong magiging kalakasan.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Nais sa iyo ng Diyos na maging matapat sa bawat Salita na iyong binasa at narinig sa mensaheng io. Kung iyong isasaalang alang ang mga punto na ating tinalakay sa iyong buhay sa gayon iyong aanihin ang paggabay at direksyon mula sa Panginoon. Ibibigay Niya ang iyong mga pangangailangan kahit sa isang ilang na lupain at ibibigay Niya ang kalakasan upang ikaw ay mapanatili. Ikaw ay magkakaroon ng kagalakan sa iyong buhay sa Diyos at makakaya mong magpatuloy at angkinin ang lupain at pa g abot sa bagong mga tao para kay Cristo. Ikaw ay magnining sa harapan ng iba at makikita nila ng malinaw na ang Diyos aya kumikilos sa iyong buhay. Ikaw ay gagamitin ng Diyos upang itayong muli at panumbalikin ang sinaunang pagkawasak. Ikaw ay magkakaroon sa iyong buhay at ministerio ng pagpapagaling sa may karamdaman, pagwssak sa pagkaalipin, at pagpapalaya mula sa pwersa ng demonyo at mga bitag ng diablo. Sasagutin ng Panginoon ang iyong mga panalangin at ikaw ay lagging tutulungan ng Panginoon.

***Ang aking Panalagin:*** Amang Diyos ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.

Panginoon salamat sa iyong Salita na ipinakita mo malinaw kung anong kahulugan ng pag aayuno at kung ano talaga ang iyong kailangan sa akin upang gawin.

Magsisi ngayon at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi at talikuran ang pagpapaimbabaw, kawalan ng katarungan, pang aapi, pagwasak sa Sabbath, walang kahandaang maglingkod sa Diyos, paggawa sa pansariling kagustuhan at mga plano, pakikipagka alit, at paggawa ng masasamang bagay laban sa Diyos at laban sa Kanyang Salita at sa Kanyang kalooban.

Panginoon aking ipinagtatapat at tinatalikuran ang sumusunod na mga kasalanan at masamang paguugali at mag pagkilos.

Panginoon aking ibinababa ang aking sarili sa harap mo. Panginoon, aking ipinapangko ang aking sarili na baguhin ang aking katangian at ang aking paguugali. Panginoon ako'y makikiapgkasundo sayo upang makita ng higit na bunga ng Banal na Espiritu. Higit pa ng pag ibig, kagalakan, kapayapaan, mahabang pagtitiis, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, kagandahang loob, kaamuhan at kabutihan upang ikaw ay makita ng mga tao at ikaw ay makilala sa pamamagitan ng aking buhay. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na itama ang kawalan ng katarungan na aking ginawa at ibigay sa mga tao ang kani kanilang mga karapatan at sa mahihirap ang nararapat para sa kanila.

Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simabahan na maging tagagawa ng iyong Salita at upang tuparin ang mga gawain na itinawag mo sa amin upang gawin para sa iyo. Panginoon muling pusposin kami ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga kaloob na espirituwal na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon paging dapatin mo kaming makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita at ng mensahe ni JesuCristo. Panginoon pusposin kami ng iyong pagibig, habag, katarungan, at katuwiran at magawa naming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakkipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com